


# PAG-IINGAT PARA SA CONTACT ENTERIC

**Mga Bisita** mag-check in muna sa Nursing bago pumasok.

## BAGO PUMASOK:



- **Maghugas o maglagay ng gel sa kamay bago pumasok.**
- **Gumamit ng SABON AT TUBIG bago umalis sa kuwarto.**



**Magsuot ng gown at guwantes.**

## IBA PANG KINAKAILANGAN:



**Gumamit ng equipment na nakatalaga sa pasyente o disposable.**

**Linisin at i-disinfect ang equipment na maraming gumagamit bago umalis sa kuwarto gamit ang panlinis na sporicidal/bleach.**

***Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.***

Washington State Hospital Association

6/5/2024

Washington State Department of HEALTH

**I-display sa labas ng pinto. Sa paglabas ng pasyente, alisin ang karatula PAGKATAPOS lubusang malinisan ang kuwarto.**

# PAG-IINGAT PARA SA CONTACT ENTERIC

## PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (PPE)

***Ang mga hakbang sa ibaba ay para sa lahat ng PPE at kunin lang ang PPE na nakalista sa unang pahina, bukod sa iba pang PPE alinsunod sa Mga Karaniwang Pag-iingat.***

***Itigil ang pag-iingat alinsunod sa Patakaran ng Pasilidad.***

| Paglalagay ng PPE (Pagsusuot) | Pagtatanggal ng PPE (Paghuhubad) |
|---|---|
| **1.** Maglinis ng kamay<br>**2.** Magsuot ng gown na pang-isolate, higpitan ang mga tali/strap<br>**3.** Magsuot ng respirator o face mask, tiyaking angkop at nakalapat nang maayos<br>**4.** Magsuot ng face shield o goggles<br>**5.** Magsuot ng guwantes | **1.** Habang nasa kuwarto ng pasyente, alisin ang guwantes nang hindi nalalagyan ng kontaminasyon ang mga kamay.<br>**2.** Alisin ang gown - Tanggalin/kalasin ang mga tali, sirain ang mga tali kung angkop para sa mga disposable na gown. Alisin sa pamamagitan ng paghawak sa isang balikat muna bago lumipat sa kabila upang maialis sa bawat braso, ituloy ang paghila sa gown pababa at paalis sa katawan. Irolyo ang gown habang iniaalis ito at ilagay sa wastong lalagyan. Maaari ka na ngayong lumabas sa kuwarto.<br>**3.** Sa paglabas, maglinis ng kamay (gumamit ng sabon at tubig kung halatang marumi ito, humawak ng dumi, o kakagaling lang sa Pag-iingat para sa Contact Enteric).<br>**4.** Alisin ang face shield/goggles -iwasang hawakan ang harap ng pamprotekta ng mata na maaaring kontaminado.<br>**5.** Alisin at hawakan nang wasto ang respirator/face mask – iwasang hawakan ang harap na maaaring kontaminado at itapon o tanggalan ng kontaminasyon kung angkop.<br>**6.** Maglinis ulit ng kamay. |

### PARA SA PAGGAMIT SA MGA KONDISYON GAYA NG (Sumangguni sa patakaran ng pasilidad):

- Acute diarrhea
- Clostridioides difficile *(C. difficile, C. diff)*
- Norovirus
- Rotavirus

### PAGSASALUGAR SA PASYENTE

- Ilagay ang pasyente sa pribadong kuwarto na may pribadong banyo. Kung hindi available, sundin ang mga alituntuninng pasilidad para sa pag-cohort.

### MGA PINGGAN AT KUBIYERTOS

- Hindi kailangan ng espesyal na pag-iingat. Sina-sanitize sa dishwasher ang kagamitang pangkusina.

### HINGGIL SA PAGKAIN

- Hindi maaaring kumain ang pamilya at mga bisita sa kuwarto.

### PANGANGASIWA SA MGA SAPIN AT DUMI

- Isupot ang sapin sa kuwarto ng pasyente. Iwasan ang labis na paghawak at huwag alugin ang sapin. Para sa bio-hazard waste, sundin ang mga alituntunin para sa Category B Medical Waste.

### PAGLILINIS NG KUWARTO

- Sundin ang patakaran sa pasilidad para sa pag-disinfect at pagpapalit ng kurtinang pam-privacy. Linisin at i-disinfect gamit ang ***disinfectant na may sporicidal*** alinsunod sa patakaran ng pasilidad.

### MGA EQUIPMENT AT SUPPLY

- Mahahalagang equipment at supply lang sa kuwarto ng pasyente.
- Gumamit ng equipment na nakatalaga o disposable kapag available.
- Linisin at i-disinfect ang equipment na ginagamit nang paulit-ulit/kuwarto ng pasyente gamit ang disinfectant alinsunod sa patakaran ng pasilidad.

### PAGLILIPAT

- Alertuhan ang tatanggap na kagawaran hinggil sa katayuan sa pag-isolate ng pasyente bilang pag-iingat.
- **Ang pasyente ay dapat *maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig. Pagsuutin ang pasyente ng bago at malinis na gown na pampasyente at/o takpan ang pasyente gamit ang bago at malinis na sapin.***
- Aalisin ng tagapaglipat ang PPE at maglilinis siya ng kamay ***gamit ang sabon at tubig*** bago lumabas sa kuwarto ng pasyente. Kung inaasahang magkakaroon ng direktang contact habang lumilipat, magsuot ng angkop na PPE.
- Linisin at i-disinfect ang sasakyang ginamit sa paglipat gamit ang sporicidal/bleach.

***Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.***

**420-586 April 2024 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov

Washington State Hospital Association

6/5/2024

Washington State Department of HEALTH